High-rise type na relokasyon, sa informal settlers ang plano ni Joy B sa QC

High-rise na mga istraktura ang ipatatayo ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte para mas maraming informal settler families ang makikinabang sa plano niyang in-city relocation program sa lungsod.

"One of the concerns for our planned in-city relocation is our area, whether we have available space in QC where we can construct houses for our informal settlers. I think to solve this, we should change the mindset of our people first, kailangan magbago ang mindset ng mga tao dahil ang gusto nila, ayon sa kinagisnan, ay may kapiraso silang lupa at bungalow style. Hindi na pwede 'yon. 'Yon ang kailangan kong idiin sa kanila," sabi ni Belmonte.

Ayon kay Belmonte, mas mainam ang mga high-rise type na pabahay sa Quezon City dahil mas maliit na espasyo ang kakailanganin dito kumpara sa mga tipikal na istruktura ng National Housing Authority (NHA) na bungalow-type na may libreng maliit na espasyo para sa mini-garden.

"Kailangan, kung gusto talaga nating manatili sa lungsod at malapit sa sentro ng city ang ating mga residente, we will have to maximize our use of smaller spaces with a high-rise type of a residential structure,that way, even we have limited square meters of land, many families could still benefit. I know this is something different but that's the solution we think can solve the city's housing backlog," sabi pa ni Belmonte.

Isa ito sa plano ni Belmonte kapag nagwaging Mayor ang pagtatatag ng isang malawakang in-city relocation sa QC para sa mga informal settlers upang hindi na umalis pang lungsod ang mga ito.

"My goal is to keep QC residents to live within our city. If you are from Quezon City, then you should be living here in Quezon City," dagdag ni Belmonte. *(Angie dela Cruz)*